



Pag-iwas sa Krimen

Dumami ang krimen sa panahon ng COVID, kabilang ang para sa mga taong tumatanggap ng mga serbisyo sa regional center. Mahalaga para sa iyo ang matulungan ang mga indibidwal na iyong pinaglilingkuran na matutunan kung paanong hindi maging biktima. Dapat mong malaman ang gagawin kung nakita mo o may narinig kang krimen.

Pagiging Madaling Makaranas ng Krimen

Sinuman ay maaaring maging biktima ng krimen, ngunit ang mga indibidwal na may mga kapansanan ay mas may posibilidad na makaranas nito:

- Sa limitadong kakayahan ng pag-iisip maaaring maging mahirap para sa isang indibidwal na malaman na sila ay binibiktima.
- Sa mga kapansanan sa komunikasyon maaaring maging mahirap iulat ang pagiging biktima.
- Maaaring makita ang mga indibidwal na may mga kapansanan bilang bulnerable, at mas malamang na hindi mapaniwalaan.
- Ang mga indibidwal na may mga kapansanan ay maaaring madaling maimpluwensyahan at gustung-gustong mapasaya ang iba habang iniisip na ang salarin ay isang "kaibigan."
- Maaaring paniwalaan ng mga biktima ang mga kriminal na nagsasabi sa kanilang okay lang ang ginagawa nila.

Ang pang-aabuso sa mga indibidwal na may mga kapansanan ay isang krimen (Penal Code §368) na madalas na kinapapalooban ng iba pang mga krimen: sekswal na pang-aabuso + pangahalay, pisikal na pang-aabuso + pag-atake/battery, pang-aabuso sa pananalapi + pagnanakaw/robbery.



Kasalukuyang Estadistika

Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad

Noong Mayo 2021, nagkaroon ng 30% pagtaas sa mga ulat ng espesyal na insidente (special incident reports, mga SIR) ng biktima ng krimen.

California

Noong 2020, tumaas ang marahas na krimen ng halos **1%**, kung saan tumaas ang marahas na pananakit (aggravated assault) ng halos **9%**, at ang homicide na tumaas ng **31%**.

Populasyon ng Estados Unidos

- Ang antas ng marahas ng krimen laban sa mga indibidwal na may mga kapansanan ay **2.5 beses na mas mataas** kaysa sa antas para sa mga taong walang kapansanan.
- Ang mga taong may mga kapansanan sa pag-iisip, kabilangang mga kapansanang intelektwal at paglaki, ay may mga pinakamataas na antas ng pagiging biktima.
- Ang mga taong may maraming kapansanan, gaya ng mga kapansanan sa pag-iisip, paglaki at pangangatawan o kapansanan sa komunikasyon, ay mas lalong nanganganib at nakakaranas ng **54%** ng karahasang nakatuon sa mga taong may mga kapansanan.
- **40% ng karahasan** laban sa mga taong may mga kapansanan ay ginagawa ng mga taong kilalang-kilala ng biktima o kakilala ng biktima.



Ang mga Bulletin para sa Kagalingan at Kaligtasan ay likha ng Kagawaran para sa mga Serbisyo sa Pag-unlad upang direktang alertuhan ang mga tagapagkaloob ng serbisyo, tauhan ng regional center, at iba pa sa mga tinukoy partikular na panganib sa loob ng ating komunidad. Mangyaring magbigay ng feedback tungkol sa bulletin na ito at kung ano ang magagawa namin nang mas mabuti sa pamamagitan ng survey na ito: [Survey sa Bulletin](#)

Mga Kategoriya ng Krimen

Marahas na krimen: mga krimen na kinapapalooban ng pananakot o pagpuwersa:

- [Pag-atake \(Assault\)](#) – pananakot o pagdudulot ng takot na mapinsala ang pangangatawan.
- [Battery](#) – aktwal na pamiminsala o hindi naaangkop na paghipo.
- [Homicide](#) – labag sa batas na pagpatay sa isang tao nakinabibilangan ng murder at manslaughter.
- [Panghahalay o Battery](#) – malapit na sekswal na panghihipo o pag-uugali ng ibang taong hindi pumapayag na makibahagi o hindi makapagbigay ng pahintulot.
- [Pang-aabuso sa karamihan na nasa hustong gulang na may IDD](#), [mga bata](#) at matatanda.

Krimen sa ari-arian: mga krimen na kinapapalooban ng pagkuha ng pribadong ari-arian ng isang tao:

- [Pagnanakaw](#) – pagkuha ng bagay na hindi kanila.
- [Larceny](#) – labag sa batas na pagkuha, kabilang ang pagkakait sa bagay na pag-aari ng may-ari.
- [Panloloob](#) – pagpasok sa isang gusali na may layuning magnakaw.
- [Robbery](#) – pagkuha ng ari-arian ng isang tao sa mismong harap niya.

Hate crime: isang krimen na may motibasyong nagmumula sa prehuwisyo laban sa biktima batay sa mga napagtantong katangian ng biktima kabilangang kapansanan, lahi o sekswal na oryentasyon.

Ano ang gagawin kung may nakikita kang Krimen na Nangyayari

- Manatiling kalmado.
- Kung pakiramdam mo ay ligtas ka ng gawin ito, panghimasukan ang pagpigil sa krimen.
- Kung may nahahalata kang binibiktima ng isang tao ang isang indibidwal na nasa iyong pangangalaga, sabihan silang tumigil.
- Kung ikaw ay nasa isang pampublikong lugar, isaalang-alang ang pagrekord ng aktibidad sa iyong phone.
- Iulat ang kriminal na aktibidad sa 911 o sa iyong lokal na pulisya o sheriff's department.

Iulat ang Krimen at Iwasan ang Muling Pangyayari

Ang mga tauhan at tagapagkaloob ng serbisyo sa regional center ay inaatasang iulat ang lahat ng kaso o pinaghihinalaang kaso ng pang-aabuso sa mga legal na awtoridad.

Ang mga tauhan at tagapagkaloob ng serbisyo ng regional center ay walang pananagutang mag-imbestiga bago gumawa ng ulat.

Ang mga tauhan at tagapagkaloob ng serbisyo ng regional center ay dapat iulat ang mga insidenteng iniulat sa kanila ng biktima, kahit hindi nila ito nasaksihan.

Kung ang pinaghihinalaang pang-aabuso ay nagresulta sa malubhang pinsala sa katawan, dapat **agad** na tumawag ang tauhan at iulat ang pang-aabuso sa lokal na tagapagpatupad ng batas.



Kung ang pang-aabuso ay hindi nagresulta sa malubhang pinsala sa katawan, dapat iulat ng tauhan ang pinaghihinalaang pang-aabuso sa tagapagpatupad ng batas **sa loob ng 24 na oras**.

Paano Matutulungan ang mga Indibidwal na Matutong Manatiling Ligtas

- Talakayin ang kaligtasan at kung paano maging handa kapag lumalabas.
 - Tingnan ang Bulletin sa Pag-iwas sa Krimen para sa [Mga Tagapagtaguyod ng Sarili sa website ng DDS](#).
- Ipaliwanag ang kahalagahan ng pagiging maingat sa mga personal na gamit.
- Ipaalala sa mga konsumidor na okay lang magsabi ng "huwag" sa iba na nagdudulot sa kanila ng pakiramdam na hindi kumportable o hindi ligtas, at maipahayag ito nang malinaw at malakas.
- Tulungan ang mga konsumidor na tukuyin ang mga taong maaari nilang pagkatiwalaan.
- Pag-usapan kung paano makakakuha ng tulong kung sila ay naging biktima ng krimen.



Ang mga Bulletin para sa Kagalingan at Kaligtasan ay likha ng Kagawaran para sa mga Serbisyo sa Pag-unlad upang direktang alertuhan ang mga tagapagkaloob ng serbisyo, tauhan ng regional center, at iba pa sa mga tinukoy partikular na panganib sa loob ng ating komunidad. Mangyaring magbigay ng feedback tungkol sa bulletin na ito at kung ano ang magagawa namin nang mas mabuti sa pamamagitan ng survey na ito: [Survey sa Bulletin](#)

Paano Matutulungan ang Biktima ng Krimen



- Siguraduhing nasa isang ligtas na lugar ang biktima at manatiling kasama nila hanggang sa dumating ang tulong at sila ay ligtas.
- Tugunan ang anumang mga pinsala o medikal na pangangailangan.
- Tanungin kung gusto ng indibidwal na tumulong sa pakikipag-ugnayan sa isang kapamilya o kaibigan.
- Magbigay ng mga simpleng tanong na magpapahintulot sa biktimang maramdamang kaya nilang magpasya at muling makuha ang kontrol.
- Huwag magbigay ng maraming tanong sa biktima tungkol sa kung ano ang nangyari hanggang sa dumating na ang tulong.
 - Sa napakaraming tanong maaaring silang mapagod o malito kapag sinasagot ang mga sumusunod na tanong ng mga opisyal na tagapagpatupad ng batas.
 - Maaaring nakaka-trauma para sa kanila ang pag-usapan nang detalyado ang naganap.
- Kung kailangan, panatilihin ang anumang ebidensya, gaya ng anumang mga sandata o ebidensya ng karahasan o pananamit na suot ng biktima.
- Hikayatin ang biktimang huwag maghugas o maligo kung ito ay magreresulta sa pagkawala ng pisikal na ebidensya.
- Maghandog ng suporta sa indibidwal kung dumating ang opisyal para makapanayam siya.
 - Kung ang indibidwal ay may kapansanan sa komunikasyon o pag-iisip, mag-alok na tumulong sa pag-unawa at pagsagot sa mga tanong ng opisyal

Tandaan: [kailangan](#) mong magsumite ng espesyal na ulat ng insidente (special incident report) **sa anumang oras** na naging biktima ng krimen ang isang indibidwal.

Maipi-print na Poster

Tips for an Assault Prevention Plan

1 Know where the exits are and how you can escape if someone tries to hurt you.	2 Always have your phone with you in case you need to call for help.
3 Stay away from unsafe places like dark alleys or abandoned areas.	4 Know who to call when you need help.
5 Avoid talking to strangers.	6 Try to go to places with a group, especially if you are going somewhere at night.
7 Do not go into a room or get into a car alone with people you do not know.	8 Walk on the sidewalk facing traffic so you can be aware of cars following you.
9 Avoid walking near places where someone can hide.	10 Wear shoes and clothes that you can run freely in.



I-download ang poster: [Mga Tip para sa Plano ng Pag-iwas sa Pag-atake \(Tips for an Assault Prevention Plan\) \(dds.ca.gov\)](#)

Mga Karagdagang Sanggunian

Iulat ang Krimen:

[Iulat ang Krimen | Estado ng California](#)

Mga Pangunahing Bagay Tungkol sa Pag-iwas sa Karahasan:

[Mga Pangunahing Bagay Tungkol sa Pag-iwas sa Karahasan | CDC](#)

Direktoryo ng mga Serbisyo sa Biktima ng Krimen:

[Direktoryo ng mga Serbisyo sa Biktima ng Krimen | Tanggapan para sa mga Biktima ng Krimen \(Office for Victims of Crime\)](#)

Impormasyon para sa mga Biktima ng Krimen:

[Impormasyon para sa mga Biktima ng Krimen | Mga Serye ng Tulong para sa mga Biktima ng Krimen](#)

Hotline para sa Mga Serbisyonang Pumuprotekta sa Matatanda (Adult Protective Services):

[Iulat ang Pinaghihinalaang Pang-aabuso o Pagpapabaya sa Matatanda](#)

Hotline para sa Mga Serbisyonang Pumuprotekta sa mga Bata (Child Protective Services):

[Iulat ang Pinaghihinalaang Pang-aabuso o Pagpapabaya sa mga Bata](#)



Ang mga Bulletin para sa Kagalingan at Kaligtasan ay likha ng Kagawaran para sa mga Serbisyo sa Pag-unlad upang direktang alertuhan ang mga tagapagkaloob ng serbisyo, tauhan ng regional center, at iba pa sa mga tinukoy partikular na panganib sa loob ng ating komunidad. Mangyaring magbigay ng feedback tungkol sa bulletin na ito at kung ano ang magagawa namin nang mas mabuti sa pamamagitan ng survey na ito: [Survey sa Bulletin](#)